

Sinimulang luwagan ng Pamahalaan ang mga hakbang sa pagpapanatili ng pagitan sa kapwa-tao sa pa unti-unti at maayos na paraan

Salamat sa pagsisikap ng buong komunidad sa Hong Kong, ang situwasyon ng epidemya ay unti-unting napapabuti sa nakaraang buwan. Sa ilalim ng pagkontrol ng situwasyon ng epidemya, luluwagan ng Pamahalaan ang mga hakbang sa pagpapanatili ng pagitan sa kapwa-tao sa pa unti-unti at maayos na paraan na may bisa mula ika-18 ng Pebrero hanggang ika-3 ng Marso 2021 alinsunod sa pinakabagong mga pag-unlad ng situwasyon ng epidemya at mga pagsusuri sa peligro.

Ang ilang naka-iskedyul na lugar ay maaaring buksan, kabilang ang mga lugar ng palakasan, beauty parlor at masahian, pampublikong aliwan, lugar ng paglilibang, sentro ng libangan sa paglalaro at sentro sa pag-ehersisyo. Ang negosyo sa pagtutustos ng pagkain ay maaring magbenta o magtustos ng pagkain o inumin para sa pagkonsumo sa mga lugar ng tindahan hanggang 10pm at ang bilang ng mga tao sa bawat mesa ay limitado sa apat katao.

Bilang karagdagan sa kasalukuyang serye ng mga hakbang sa pagkontrol sa impeksyon, ang mga naka-iskedyul na lugar at lugar ng pagtutustos ng pagkain ay dapat pairalin ang sumusunod na dalawang bagong idinagdag na mga hakbang:

Hakbang (a): Upang matiyak na i-scan ng mga gumagamit ang "LeaveHomeSafe" QR code o irehistro ang kanilang mga pangalan, mga numero ng cellphone at mga petsa at oras ng kanilang mga pagbisita bago payagan ang mga tao na pumasok sa lugar, na may mga talaan na itatago sa loob ng 31 araw; at

Hakbang (b): Mag-ayos para sa lahat ng kawaning sangkot sa pagpapatakbo ng nasasakupang lugar para sumailalim sa isang polymerase chain reaction-based na nucleic acid na pagsusuri para sa COVID-19 isang beses kada 14 na araw (ang unang pagsusuri ay dapat isagawa sa loob ng 14 na araw simula sa ika-11 ng Pebrero 2021, ibig sabihin, sa ika-24 ng Pebrero 2021), at matiyak na ang mga kawani ay magtatala ng bawat notipikasyon sa SMS na naglalaman ng resulta ng pagsusuri sa loob ng 31 araw.